ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 11| Issue: 9| September 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2025: 8.691 || ISI Value: 1.188

# DALUMAT SA UGNAYAN NG PELIKULA AT REALIDAD: ISANG PAGSUSURI SA REPRESENTASYON NG MGA TAONG MAY KAPANSANAN SA PELIKULANG PILIPINO

**Alyssa Marie C. Yape, Garry A. Portillo, PhD**
*Leyte Normal University, Tacloban City, Philippines*

**Article DOI:** https://doi.org/10.36713/epra23932
**DOI No: 10.36713/epra23932**

## ABSTRAK

*This study, entitled "Dalumat sa Ugnayan ng Pelikula at Realidad: Isang Pagsusuri sa Representasyon ng mga Taong May Kapansanan sa Pelikulang Pilipino," focuses on analyzing how Persons with Disabilities (PWDs) are portrayed in selected Filipino films, specifically Isa Pa with Feelings (2019) and Miracle in Cell No. 7 (2019 Philippine Adaptation). This study aims to answer the following: (1) What are the social themes or ideologies showned in Filipino films related to the reality of PWDs? (2) How are the experiences and personalities of people with disabilities (PWDs) portrayed in films? at (3) How does the film match or differ from the actual experiences of people with disabilities?*

*This study used a qualitative-descriptive design, and data were gathered through film analysis and interviews with four (4) selected PWDs using convenience sampling. Thematic analysis and discussion using realism, sociological, and humanism theories revealed two main themes: (1) discrimination; prejudice, and lack of justice and (2) the support, care, and recognition of the capabilities of PWDs. In Miracle in Cell No. 7, injustice is highlighted, while in Isa Pa with Feelings, success and dignity are emphasized. It was also shown that the experiences of PWDs in the film reflect the reality of PWD. Overall, Filipino films serve as a reflection of both the challenges and inspirations of PWDs. These findings suggest a more just and sensitive representation to avoid stereotyping.*

**KEYWORDS*:*** *Persons with Disabilities; Relationship between Film and Reality; Representation*

## I. PANIMULA

Ang pelikula ay itinuturing na makapangyarihang midyum ng sining at komunikasyon sa lipunang Pilipino. Isa itong salamin ng kultura, kasaysayan, at kolektibong kamalayan ng sambayanan. Ang pelikula ay isa sa pinakamatatag na anyo ng sining sa Pilipinas na patuloy na lumalago at umuunlad, lalo na sa panahon ng makabagong teknolohiya. Ayon pa nga kay Nick Deocampo (2017), isang kilalang iskolar ng pelikula at kasaysayan nito sa Pilipinas: "Ang pelikula ay higit pa sa aliwan. Isa itong midyum ng pagninilay, paglalantad, at pakikialam sa mga isyung panlipunan." (Mula sa kanyang aklat na "Alternative Cinema: The Unchronicled History of Alternative Cinema in the Philippines"). Sa pamamagitan nito, malayang naipapahayag ang mga saloobin, damdamin at mga kalagayang panlipunan. Ang pelikulang Pilipino ay masasabing pinakabatang sining na nabuo sa Pilipinas. Nagsimula ang mga Pilipino na gumawa ng mga pelikula mula noong 1919. Ang pelikulang Dalagang Bukid ni Jose Nepomuceno noong 1919 ang kauna-unahang pelikulang Pilipino. Sa paglipas ng panahon, dumarami na ang mga pelikulang Pilipino na tumatalakay sa mga sektor na matagal nang naisantabi, kabilang na rito ang mga taong may kapansanan o Persons with Disabilities (PWD). Ayon sa Republic Act No. 7277 o "Magna Carta for Disabled Persons", ang PWD ay isang tao na may pangmatagalang pisikal, mental, intelektwal, o pandama na kapansanan na, kapag naharap sa iba't ibang hadlang, ay maaaring humadlang o magpabawas sa kanyang ganap na paglahok sa lipunan sa katulad na antas ng ibang tao. Sa madaling salita, ito ay tumutukoy sa kakulangan ng kakayahan na magsagawa ng mga bagay-bagay dahil sa kapansanang ito. Ayon sa World Health Organization (2011), ang kapansanan ay hindi lamang resulta ng kondisyon ng katawan kundi bunga rin ng interaksyon ng tao sa mga hadlang sa lipunan at kapaligiran.

Sa Pilipinas, kapansin-pansin na sa kabila ng pagdami ng pelikula, nananatiling limitado at kadalasan ay romantisado o nakatali sa stereotype ang representasyon ng PWD. Isinisilid ng karamihan ang mga taong may kapansanan sa isang kahon, na nangangahulugan kakulangan ng kakayahan na makipagsabayan sa mga ordinaryo at normal na tao.Kadalasan ipinapakita na kapag sinabing may kapansan, "mahina", "kawawa", o kung ano pa mang negatibong salita. Ayon pa nga kay Colin Barnes sa kanyang pag-aaral na "Disabling Imagery and the Media", kung saan dito ipinapakita niya ang mga dapat at hindi dapat gawin sa pagbibigay hatol o representasyon ng media sa mga may kapansanan. Iwasan ang pag- gamit sa kanila bilang charity case o sa konteksto lang ng pagiging "kawawa", Ipakita ang disabled people bilang indibidwal na may iba-ibang personalidad, emosyon, at tungkulin sa lipunan, hindi lang isang-dimensional at marami pang iba. Sa pag-aaral na ito, makikita natin ang pagbibigay respeto at halaga sa mga taong may kapansanan.

Samantala, sa artikulo ni Rodriguez (2014) na PWDs and the Philippine Media, tinalakay niya ang kakulangan ng makatarungan at sensitibong representasyon ng PWD sa midyang Pilipino. Aniya, karamihan sa mga karakter na may kapansanan ay inilalagay sa mga papel na nakasentro sa awa o

paghingi ng simpatiya, sa halip na mailarawan bilang normal at aktibong bahagi ng lipunan. Kung kaya't napakahalaga na palawigin pa ang ating pag-unawa at pagkilala sa mga may kapansanan. Ito ay upang hindi natin sila mabigyan o mailarawan ng hindi kaaya-ayang mga salita o termino.

Inilahad naman ni Lopez (2018) sa kanyang pag-aaral sa Deaf cinema sa Southeast Asia na ang tunay na representasyon ng Deaf community ay dapat sumasalamin sa wika, kultura, at karanasan ng mismong komunidad. Binatikos niya ang ilang pelikula na bagama't may karakter na Deaf ay hindi naman tunay na kinatawan ang komunidad, lalo na kung hindi nakikilahok ang Deaf sa produksyon. Ganon paman, ipinapakita sa pag-aaral na ito na hindi sapat na simpleng pagkakaroon ng Deaf na karakter upang matawag na inklusibo o makatao ang isang pelikula. Mahalaga na isaalang-alang ang mga taong miyembro ng organisasyon o komunidad. Ito ay upang maging angkop at makatotohanan o sumasalamin sa tunay na karanasan. Gayundin, hindi maging mababaw at negatibo ang mga paglalarawan sa kanila.

Sa pananaliksik nina Dolores at Aganon (2021), sinuri nila ang ilang independent films sa Pilipinas at napag-alamang mas malalim at makatotohanan ang representasyon ng PWD sa ganitong uri ng pelikula kumpara sa mainstream. Gayunpaman, binanggit din nila na may mga indie films na hindi rin ganap na nakaiiwas sa sentimentalismo o stereotype. Ipinapahayag sa pag-aaral na ito na mas makatotohanan ang mga itinatampok sa indie films. Mas nakikita ang tunay na karanasan, pakikibaka, at dignidad ng mga PWD bilang bahagi ng lipunan. Gayunpaman, may mga pagkakataon na hindi maiiwasan ang mga stereotyping o pagmamalabis sa mga paglalarawan sa mga taong may kapansanan.

Sa pandaigdigang konteksto, ipinakita nina Llewellyn at Hindmarsh (2015) na maraming magulang na may intellectual disability ang may kakayahang gampanan ang kanilang tungkulin. Subalit madalas silang hinuhusgahan agad ng lipunan. Mahalaga ang pananaw na ito sa pag-unawa kung paano maaaring maling mailarawan sa pelikula ang pagiging magulang ng mga PWD.

Ang pananaliksik na ito ay pinamagatang "Dalumat sa Ugnayan ng Pelikula at Realidad: Isang Pagsusuri sa Representasyon ng mga Taong May Kapansanan sa Pelikulang Pilipino". Tinututukan ang dalawang pelikula na Isa Pa With Feelings (2019) at Miracle in Cell No. 7 (2019), na kapwa nagpapakita ng karanasan ng PWD sa konteksto ng komunikasyon, diskriminasyon, at katarungan. Layunin ng pag-aaral na suriin kung ang mga imaheng ito ay nagpapalawak ng kamalayang panlipunan o muling nagpapatibay ng mga stereotype. Hangad ng pag-aaral na ito na matukoy ang mga ideolohiyang pananaw sa mga PWD at kung papaano ipinapakita o representasyon ng mga sangkot sa pag-aaral ang kanilang aktuwal na karanasan. Ito ay upang makatulong sa pagbuo ng mas kritikal, makatarungan, at sensitibong pananaw ng lipunan tungo sa mga taong may kapansanan.

Mahalaga ang pag-aaral na ito dahil nagbibigay ito ng mas malalim na pagtingin sa kung paano inilalarawan at binibigyang- kahulugan ng pelikulang Pilipino ang buhay ng mga taong may kapansanan (PWD). Ang resulta ng pag-aaral na ito ay may mahalagang ambag at epekto sa iba't ibang sektor ng lipunan; Para sa may Kapansanan o PWD. Ang pag-aaral na ito ay mahalaga sapagkat binibigyang-tinig ang kanilang karanasan at perspektibo. Para sa mga magulang. Makatutulong ito upang mas maunawaan nila ang karanasan ng mga may kapansanan. Sa pamamagitan ng mas kritikal na pagtingin, maaari rin nilang magabayan ang kanilang mga anak na maging mas sensitibo at bukas ang isipan sa tunay na realidad ng mga taong may kapansanan. Para sa mga mananaliksik. Ang pag-aaral na ito ay maaaring magsilbing batayan para sa mas malalim na pananaliksik sa larangan ng midya, at may kaugnayan sa pag-aaral. Para sa mga mambabatas, Makatutulong ang resulta ng pag-aaral na ito sa pagbalangkas o pagsusuri ng mga polisiya at batas na naglalayong protektahan ang karapatan ng mga taong may kapansanan, lalo na sa larangan ng media at entertainment. Maaari nitong itulak ang paggawa ng mas inklusibong patakaran na nagtataguyod ng makatarungan at makatotohanang paglalarawan ng PWD sa pelikula.

**LAYUNIN NG PAG-AARAL**

Ang pananaliksik na ito ay naglalayong suriin kung paano inilalarawan ang mga taong may kapansanan (PWD) sa mga pelikulang Pilipino. Nilayon ng pag-aaral na masusing tuklasin kung paanong ang kanilang mga karanasan ay ipinapakita sa pelikula at kung ang mga ito ay tunay na sumasalamin sa realidad ng kanilang pamumuhay sa lipunan. Hangad ng mananaliksik na mabigyang-linaw ang mga sumusunod na katanungan; (1) Ano mga temang panlipunan o ideolohiya ang naipapakita sa pelikulang Pilipino kaugnay sa realidad na nararanasan ng mga may kapansanan? (2) Paano inilalarawan sa mga piling pelikula ang karanasan at pagkatao ng mga taong may kapansanan (PWD)? (3) Paano naiiba o nagtutugma ang pelikula sa tunay na karanasan ng mga PWD sa realidad?

## SANLIGANG TEORITIKAL

Ang Teoryang Realismo ang pangunahing sandigan sa pananaliksik na ito. Ayon kay Arrogante (1983), ang realismo ay isang teoryang nagsusulong ng makatotohanang paglalarawan sa lipunan. Kasama na rito ang mga karakter, institusyon, at ugnayang panlipunan. Mahalaga ito sa pagsusuri ng mga pelikula sapagkat sinusuri dito kung ang mga PWD ay inilalarawan bilang mga taong may kakayahan, damdamin, at sariling mundo, o kung nananatili silang bihag ng stereotype at pagmamalabis. Hinahangad nito na maipakita ang buhay sa paraang makatotohanan at hindi idealisado o pinapalamutian.gaanong. Ito rin ang nagsisilbing repleksyon ng pinagmulan na pagkakakilanlan ng isang lipunan sapagkat sumasalamin ito sa mga saloobin, karanasan, at gawi ng mga indibidwal. Dahil dito, malaki ang nagiging gampanin ng panitikan sa paghubog ng isang lipunan gayundin sa mga tao (Nibalvos, 2019. Bukod dito, mahalaga ring isaalang-alang ang Teoryang Sosyolohikal sa pagbasa ng pelikula bilang produkto at tagapaglarawan ng lipunan. Ayon kay Balaguer (2001), ang panitikan ay hindi lumilitaw sa vacuum kundi likha ng lipunan at para rin sa lipunan. Ang pelikula, bilang uri ng panitikan, ay maaaring magsilbing repleksyon ng umiiral na paniniwala, diskriminasyon, at dinamika sa lipunang ginagalawan. Sa

teoryang sosyolohikal, ang panitikan ay hindi lamang isang likhang sining kundi isang repleksyon ng lipunan at ng mga puwersang nakakaapekto rito gaya ng politika, ekonomiya, relihiyon, at kultura." (Don Honorio Ventura Technological State University, 2024, p. 1). Sa pamamagitan ng teoryang ito, sinusuri kung paano itinatampok ang mga PWD sa konteksto ng kanilang ugnayan sa pamilya, komunidad, at institusyon; at kung paanong ang kanilang representasyon ay maaaring magpalalim o magpabago sa pagtingin ng lipunan sa kanila. Para sa mas malalim na pag-aaral at pag-unawa sa representasyon ng mga PWD, ginagamit din sa pananaliksik ang Teoryang Humanismo bilang pansuportang lente. Ayon kay Lopez (2005), ang humanismo ay nakasentro sa pagpapahalaga sa tao bilang isang indibidwal na may talino, damdamin, at kakayahang magpasiya para sa sarili. Binibigyang-diin nito ang karapatang mabuhay nang may dignidad anuman ang kalagayan. Pinapahalagahan nito ang kakayahan, talino, at dignidad ng tao. Layunin nitong ipakita na ang tao ay sentro ng daigdig at may kakayahang humubog ng sariling kapalaran." (Cavite State University, 2025. Sa kontekstong ito, mahalagang makita at maunawaan kung ang pelikula ay nagpapakita ng mga karakter na PWD bilang ganap na tao at hindi bilang simbolo ng awa, kundi bilang may sariling paninindigan, pangarap, at kakayahan. Sa teoryang ito, sinusuri kung paano ipinakikita sa pelikula ang pagkatao ng PWD, ang kanilang ugnayan sa iba, at ang kanilang kakayahang magtagumpay sa kabila ng mga limitasyon.

## METODOLOHIYA

Sa pag-aaral na ito, ginamit ang kwalitatibong-deskriptibong disenyo ng pananaliksik. Ayon kay Calderon at Gonzales (1993), layunin ng deskriptibong pananaliksik na ilarawan at suriin ang kasalukuyang kalagayan ng isang paksa. Dagdag pa, ang deskriptibong pananaliksik ay nakatuon sa pagbibigay ng malinaw na paglalarawan sa mga pangyayari o sitwasyon upang mas maunawaan ang isang penomena (Nassaji, 2015). Angkop ito sa pag-aaral dahil layunin nitong maunawaan at mailarawan nang mas malalim ang representasyon ng mga taong may kapansanan (PWD) sa pelikulang Pilipino, kaysa sukatin o bilangin ang dami ng paglabas ng mga stereotype na natatanggap ng mga taong sangkot sa pag- aaral. Layunin ng manunuri na mailarawan at makita hindi lamang ang nilalaman ng pelikula kundi pati ang konteksto at kaugnayan ng pelikulang Pilipino sa realidad na karanasan ng mga PWD o may kapansanan. Gayundin ang mga ideolohiya na madalas iugnay sa PWD sa pelikulang Pilipino at sa realidad. Gumamit ang pananaliksik na ito ng iba't ibang instrumento upang masusing masuri ang paraan ng paglalantad ng mga pelikulang Pilipino sa mga karakter na may kapansanan. Isa sa pangunahing ginamit ay ang gabay sa panayam (interview guide) na inihanda upang mangalap ng pananaw mula sa mga piling kalahok hinggil sa kanilang interpretasyon sa mga tauhang PWD sa napiling mga pelikula. Bukod dito, gumamit din ang mananaliksik ng isang checklist para sa pagsusuri ng pelikula, na naglalaman ng mga tiyak na aspekto tulad ng kilos, dayalogo, gamit ng kamera, at temang may kaugnayan sa kapansanan. Layunin nitong matukoy kung ang representasyon ay bumabatay sa stereotype o kung ito ba'y nakaugat sa makatotohanang karanasan. Itinampok din ang paggamit ng field notes, kung saan itinala ng mananaliksik ang mahahalagang obserbasyon at personal na repleksyon na lumitaw sa kabuuan ng pagsusuri. Isinagawa ang pananaliksik sa Tacloban City at pinili ang kalahok batay sa convenient sampling. Ayon kay Etikan, Musa, et.al (2016), ang convenience sampling ay isang uri ng non-probability sampling kung saan pinipili ang mga kalahok batay sa kanilang pagkakaroon at pagiging madali nilang lapitan. Ibig sabihin, isang paraan ng paglikom ng mga datos ayon sa kagustuhan at kakayahan ng mga kalahok. Sadyang pinili ang may karanasan o pananaw kaugnay ng paksa upang makuha ang angkop na datos. Nagkaroon ng (4) na kalahok na may mga kapansanan, kung matamo naman ang data saturation, ay maaaring angkop na ang datos na mananaliksik. Ayon kina Fusch at Ness (2015), ang data saturation ay nararating kapag wala nang bagong impormasyon, tema, o kategorya na lumilitaw mula sa mga kalahok.Sa mga piling pelikula, pinili ng mananaliksik ang "Isa Pa with Feelings" (2019) na tampok ang pangunahing karakter na isang bingi, at Miracle in Cell No. 7 (2019, Philppine Adaptation) na tampok naman ang isang ama na may intellectual disability.

Ang mga datos sa pananaliksik na ito ay kinalap sa pamamagitan ng masusing panonood at pagsusuri ng mga piling pelikulang Pilipino na may karakter na may kapansanan, partikular ang Isa Pa With Feelings at Miracle in Cell No. 7. Inulit nang dalawang beses para matiyak ang pagiging masusi. Kasunod nito, isinagawa ang semi-structured interviews sa mga kalahok, gamit ang online (google form) o face-to-face na paraan, depende sa sitwasyon at availability ng kalahok. Ang mga panayam ay naitala (audio recording,) at pagkatapos ay isinalin sa transkripsiyon. Ang mga datos ay itinala, isinaayos, at isinailalim sa thematic analysis upang matukoy ang mga umusbong na tema na may kaugnayan sa representasyon ng PWD sa pelikula. Gumamit ang pag-aaral ng thematic analysis, isang paraan ng sistematikong pagtukoy at pag-unawa sa mga tema at pattern na lumilitaw sa loob ng datos. Ang Thematic Analysis ay isang pamamaraan para sa sistematikong pagkilala, pag- aayos, at pag-aalok ng pananaw sa mga pattern na kahulugan (mga tema) sa mga datos. Sa pamamagitan ng pagbibigay- diin sa kahulugan ng mga datos, pinapayagan nito ang mga mananaliksik na makita at makabuo ng sama-samang kahulugan at karanasan na maibabahagi. Ang disenyong ito ay angkop dito sapagkat nagbibigay ito ng masinsin at organisadong paraan upang suriin representasyon ng mga PWD sa pelikula at kung paano ito nagtutugma o sinasalamin ang aktuwal na karanasan ng mga sangkot sa pag-aaral sa gabay din ng mga angkop na mga teoryang pampanitikan.

## RESULTA AT DISKUSYON

Sa bahaging ito ay naglalaman ng mga resulta na nakuha mula sa pagtitipon ng datos. Inilahad ang mga natuklasang datos batay sa mga tema, ideolohiya at representasyong lumitaw mula sa pagsusuri at obserbasyon gamit ang iba't ibang pamamaraan. Kasunod nito ay ang pagpapaliwanag ng interpretasyon ng mga datos batay sa layuning ng pag- aaral.

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 11| Issue: 9| September 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2025: 8.691 || ISI Value: 1.188

**Talahanayan 1. Sa inyong araw-araw na karanasan bilang PWD, paano kayo tinatrato ng ibang tao sa lipunan — tulad ng sa inyong pamilya, paaralan, o trabaho?**

| TEMA | EKSENA o DAYALOGO SA PELIKULA | TUGON NG KALAHOK |
| --- | --- | --- |
| 1. **Panghuhusga at *Stereotyping*** | ***Miracle in Cell No. 7***<br>- Nasa Mall sina Joselito at Ayesha, pinagmamasdan ang bag na pangarap na mabili ni Joselito sa anak. Kung kaya't ng kunin at bilhin ito ng isang kilalang tao, agad itong lumapit at nagpupumilit kunin ang bag. Binugbog naman ito dahil sa kanyang kapansan.<br><br>***Isa pa with Feelings***<br>- Inimbitahan ni Mara si Gali sa isang party ng kanilang kompanya. Ipinakilala naman kaagad ni Mara si Gali, ngunit dahil sa kalagayan nito, walang gustong may kumausap sa kanya. | *"Sa araw-araw, siyempre hindi maiwasan talaga pag nakikita ako ng tao may panghuhusga minsan, mayroon din awa... "*<br><br>*"May mga taong hindi na lang ako kinakausap dahil inisip nilang mahirap akong kausap. Inisip agad na mahina ang ulo ko dahil lang sa kapansanan ko."*<br><br>*"Bilang isang may kapansanan, masasabi ko na di maiwasan ang husgahan. Sa ibang tao, minsan hindi nila kinikilala ang iyong kakayahan o mga kayang gawin."* |
| 2. **Suporta at pagmamalasakit mula sa pamilya at ibang tao sa lipunan.** | ***Miracle in Cell No. 7***<br>- Nang papalapit na ang unang hearing ni Joselito, ang kanyang mga kaibigan sa kulungan, gayundin ang hepe ng kapulisan, ay tinulungan at sinuportahan ito. Sa pamamagitan ng pagbibigay ng narrative o script.<br><br>***Isa pa with Feelings***<br>- Habang nagtuturo si Gali, nakatingin at nakasuporta lamang si Mara sa likod nito. Nakangiti at nakasuporta habang nagtuturo si Gali. | *"Sa pamilya ko, may mga taong maunawain at tinutulungan akong makasabay sa mga usapan. Sa paaralan naman, may mga guro at kaklase na nagpapakita ng malasakit at nagsusulat para sa'kin o inuulit ang sinabi."*<br><br>*"Sa pamilya ay masasabi kong wala namang nangyayaring panghuhusga dahil sila pa ang naguudyok sa akin upang gawin ang mga bagay na tila imposible para sa akin."*<br><br>*"Buti na lang may mga nagmamahal sa akin tulad ng mga kaibigan ko, katrabaho ko, at higit sa lahat ang pamilya ko."* |

Ang talahanayan 1 ay nagpapakita ng pang-araw-araw na karanasan ng mga may kapansanan o PWD sa ibang tao at lipunan. Batay sa panayam, dalawang pangunahing tema ang lumitaw mula sa mga naging tugon ng mga kalahok: (1) Panghuhusga at Stereotyping, at (2) Suporta at Pagmamalasakit mula sa Pamilya at Lipunan. Ang mga pahayag at karanasan na ito ay masusing sinuri gamit ang teoryang Sosyolohikal at Humanismo upang maipaliwanag ang mas malalim na konteksto ng buhay ng mga PWD. Sa ilalim ng unang tema, lumitaw ang (1) Panghuhusga at Stereotyping ay ang paulit-ulit na karanasan ng mga kalahok sa pagiging husgahan o kaawaan sa lipunan dahil sa kanilang kapansanan. Isa sa mga kalahok ay tuwirang nagpahayag na madalas siyang tingnan nang may pag-aalangan o awa, ngunit pinipili niyang huwag intindihin ito sapagkat wala naman daw ambag ang mga tao sa kanyang buhay. Isa pa ay ibinahagi ang karanasan bilang isang may kapansanan sa pandinig, kung saan nagiging hadlang sa komunikasyon ang mga maling akala ng iba, tulad ng agad na pag-aakalang siya ay mahina ang pag-iisip. Samantala, may nagsabi ring madalas hindi kinikilala ang kanyang kakayahan at halip na suportahan. ay minamaliit pa siya. Sa pananaw ng teoryang Sosyolohikal, malinaw na makikita natin ang malaking epekto ng lipunan sa mga karanasan ng PWD. Makikita ang impluwensya ng pananaw at trato ng lipunan sa pagtingin at pagtanggap sa mga PWD. Mula rito, lumilitaw na ang mga karanasan ng tao ay bunga ng mga panlipunang istruktura at kultural na paniniwala. Gaya na lamang ng mga eksena sa pelikulang Miracle in Cell no.7 at Isa pa with Feelings, kung saan malinaw na makikita ang panghuhusga ng lipunan sa mga katulad nilang may kapansan. Gayunpaman, sa kabila ng mga negatibong karanasang ito, namayani rin ang ikalawang tema, (2) Suporta at Pagmamalasakit mula sa Pamilya at Lipunan. Ayon sa isang kalahok, "Sa pamilya ko, may mga taong maunawain at tinutulungan akong makasabay sa mga usapan. Sa paaralan naman, may mga guro at kaklase na nagpapakita ng malasakit." Isa pa sa kanila ang nagsabing, "Sa pamilya ay masasabi kong wala namang nangyayaring panghuhusga dahil sila pa ang naguudyok sa akin upang gawin ang mga bagay na tila imposible para sa akin." Sa pagtalakay sa temang ito, ginamit ang teoryang humanismo. Itinatampok ng humanismo ang pagpapahalaga sa dignidad at kakayahan ng tao sa kabila ng kanyang kahinaan. Malinaw na makikita sa mga tugon ang pagkakaroon ng malasakit at bukas na pagtanggap mula sa lipunan at komunidad. Ipinakikita lamang sa mga tugon na ang mga kalahok ay may positibong pananaw sa sarili dahil sa pagmamahal, pagtanggap, at suporta ng kanilang pamilya at komunidad. Sa pamamagitan ng pagkilala sa kanilang kakayahan at pagbibigay-suporta, napapalakas ang kanilang pagkatao at pagpapahalaga sa sarili. Ang Humanismo ay nagtuturo na ang bawat tao, anuman ang kondisyon, ay may likas na kakayahang umunlad kung siya ay bibigyan ng tamang pagkilala at pag-aaruga. Gayundin sa pelikula, makikita ang suporta na natatanggap ng mga taong may kapansanan sa taong tunay na nagmamalasakit sa kanila.

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 11| Issue: 9| September 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2025: 8.691 || ISI Value: 1.188

**Talahanayan 2. Sa inyong palagay, paano karaniwang inilalarawan sa mga pelikula ang mga taong may kapansanan?**

| TEMA | EKSENA o DAYALOGO SA PELIKULA | TUGON NG KALAHOK |
|---|---|---|
| 1. Diskriminasyon | *Isa Pa with Feelings*<br>- "Bakit? Naawa ka? Tingin mo di ko kaya? Dahil Deaf ako?"<br><br>*Miracle in Cell no. 7*<br>- "wala kang karapatan maging ama" Dahil nanggahasa at pumatay ka ng inosenteng bata" | "Kaawa -awa , minsan minamaltrato , minsan naman maganda ang trato , successful minsan"<br><br>"Gina-judge nila yung tao dahil sa kapansanan nila.. Pinagtatawanan at kinukutya. Ginagawang katatawanan." |
| 2. Walang Karapatan o Katarungan | *Miracle in Cell no. 7*<br>- "Wherefore premises considered, the court finds the accused, Joselito Gopez GUILTY…" | *"Sa miracle 7 ay nailarawan ang kanyang pagkatao sa pamamagitan ng kawalang karapatan dahil hindi sya normal at di makapagsalita ng kanyang nalalaman."* |
| 3. Pagkilala sa Kakayahan | *Isa pa With Feelings*<br>- "Pag nakuha ko yung scholarship, makakatulong ako sa pag-educate ng deaf" (Teacher Gali) | "Sa isa ay masasabi kung kahit iba man ang kanilang mundo ay hindi nila iyon naging hadlang, kaya nailarawan sila sa pagiging mapagmatiis, malakas ang loob, at tiwala sa sariling kakayahan"<br><br>*"Sa Isa Pa With Feelings, si Gali ay hindi lang basta bingi, isa siyang mahusay na guro. Ipinakita sa pelikula na may talento at emosyon siya gaya ng kahit sinong tao, at hindi hadlang ang kapansanan para magmahal at mauwawaan."* |

Ang talahanayan 2 ay nagpapakita kung paano karaniwang inilalarawan sa mga pelikula ang mga taong may kapansanan. Batay sa panayam, tatlong pangunahing tema ang lumitaw mula sa mga naging tugon ng mga kalahok:(1) Diskriminasyon, (2) Walang Karapatan o Katarungan, at (3) Pagkilala sa Kakayahan. Ang mga pahayag at karanasan na ito ay masusing sinuri gamit ang teoryang Sosyolohikal, Realismo at Humanismo upang maipaliwanag ang mas malalim na paglalarawan o representasyon ng mga PWD bilang isang karakter sa pelikulang "Isa pa with Feelings" at "Miracle in Cell No. 7".Sa unang tema 1) Diskriminasyon, makikita parin natin ang hindi mawala-walang diskriminasyon sa mga taong may kapansanan. Isa sa mga kalahok ay lantarang inilarawan ang mga karakter sa mga piling pelikula bilang "Kaawa -awa , minsan minamaltrato." Samantala ang iba pang kalahok naman ay malungkot na inilarawan na "Gina-judge nila yung tao dahil sa kapansanan nila.. Pinagtatawanan at kinukutya. Ginagawang katatawanan." Batay sa tugon ng mga kalahok, malinaw na nakararanas pa rin ng pangungutya at negatibong pagtingin ang mga taong may kapansanan. Kaugnay sa tugon na ito, makikita rin sa mga eksena o dayalogo sa pelikulang Isa pa wit Feelings at Miracle in Cell no. 7 ang diskriminasyon. Kung saan makikita ang kaawa-awang karanasan ng parehong bida na kaugnay sa realidad na nararanasan ng mga kalahok. Ang ganitong sitwasyon ay nagpapakita ng patuloy na pag-iral ng stereotyping at social stigma. Sa lente ng Teoryang Sosyolohikal, ang diskriminasyon ay bunga pa rin ng nakasanayang pananaw sa lipunan kung saan ang kapansanan ay itinuturing na "kakulangan" sa halip na "Special o pagkakaiba". Sa pelikula, makikita ito sa mga eksena kung saan ang karakter na may kapansanan ay binabalewala o pinagtatawanan, gaya ng sa Miracle in Cell No. 7, kung saan si Lito ay pinagsamantalahan at pinaratangan ng maling krimen dahil sa kanyang kondisyon. Sa loob ng kulungan, naharap si Lito sa panlilibak at pananakot ng mga niya bilanggo. Pinapakita nito ang kawalan ng pantay na pagtrato sa kanila sa lipunan. Ang ikalawang tema ay (2) Walang Karapatan o Katarungan na kung saan makikita natin hindi pantay na karapatan na ibinibigay sa mga taong may kapansanan. Wika ng isang kalahok, "Sa miracle 7 ay nailarawan ang kanyang pagkatao sa pamamagitan ng kawalang karapatan dahil hindi sya normal at di makapagsalita ng kanyang nalalaman." Kung saan binigyang-tuon niya ang bida na si Lito sa pelikulang "Miracle in Cell No.7" na kung saan ito mapagbintangan si Lito sa isang krimeng hindi niya ginawa. Ang panggagahasa at pagpatay sa isang batang babae na anak ng isang mataas na opisyal. Dahil sa kanyang intelektwal na kapansanan, hindi niya nagawang ipagtanggol ang sarili at agad siyang nahatulan at nakulong. Di naglaon ay nasentensyahan ng kamatayan at binawian ng buhay nang hindi naipaglaban ang kanyang katotohanan. Sa paggamit ng Teoryang Realismo, mauunawaan na ang ganitong karanasan ay repleksiyon ng totoong kalagayan sa lipunan kung saan umiiral ang sistematikong kawalan ng proteksiyon sa mga mahihina at inaaping sektor. Hindi ito kathang-isip, kundi salamin ng aktuwal na kawalan ng suporta at pantay na pagtingin mula sa mga institusyon gaya ng hustisya at pamahalaan. Sa pelikula, malinaw ito sa kaso ni Lito (Miracle in Cell No. 7) na biktima ng maling paratang at hindi nabigyan ng makatarungang paglilitis. Ipinapakita nito na ang kawalan ng katarungan ay hindi lamang konsepto, kundi isang nakakalungkot na katotohanan na nararanasan ng mga may kapansanan sa totoong buhay. Ang ikatlong tema, (3) Pagkilala sa Kakayahan. Sa kabila ng mga negatibong pananaw hinggil sa mga taong may kapansan, lumilitaw parin ang positibong pagtingin sa mga taong sangkot. Batay sa panayam sa isang kalahok, "Sa isa ay masasabi kung kahit iba man ang kanilang

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 11| Issue: 9| September 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2025: 8.691 || ISI Value: 1.188

mundo ay hindi sila iyon naging hadlang, kaya nailarawan sila sa pagiging mapagmatiis, malakas ang loob, at tiwala sa sariling kakayahan". Sa isa pang tugon, Sa Isa Pa With Feelings, si Gali ay hindi lang basta bingi, isa siyang mahusay na guro. Ipinakita sa pelikula na may talento at emosyon siya gaya ng kahit sinong tao, at hindi hadlang ang kapansanan para magmahal at maunawaan." Sa pagsusuri gamit ang teoryang Humanismo, mababatid natin na hindi puro negatibo ang mga karanasan ng mga taong nabanggit, Lumilitaw din ang pagkakataong kinikilala ang kakayahan at ambag ng mga taong may kapansanan. Nagpapakita lamang ito ng isang mabuting indikasyon ng pagbabago sa pananaw ng lipunan. Dahil kahit sino at ano kaman, mahalagang kilalanin ang dignidad at kakayahan ng tao bilang sentro ng pag-unlad at ugnayan

**Talahanayan 3. Sa inyong palagay, alin sa mga karanasang ipinakita sa pelikula ang kapareho o magkaiba sa naranasan ninyo sa totoong buhay?**

| TEMA | EKSENA o DAYALOGO SA PELIKULA | TUGON NG KALAHOK |
|---|---|---|
| **1. Hindi Pagkilala sa Kapasidad ng May Kapansanan** | *Isa pa with Feelings*<br>- "Hindi ko kayo naririnig, deaf po ako."<br><br>*Miracle in Cell no. 7*<br>- Hindi pagkinig sa salaysay nito:<br>*"Hindi ko ginawa, wala akong pinatay"* | *"Mis-judge.. yung hindi siya pinaniniwalaan."*<br><br>*"Sa aking palagay, ang kaparehong karanasan ko sa ipinakita sa pelikula ay ang pagiging misunderstood ng ibang tao sa paligid. Tulad ng ilang karakter sa pelikula na may kapansanan, naranasan ko rin ang hindi kaagad naiintindihan ng mga tao ang tunay kong kalagayan"*<br><br>*"Masasakit kung may mga sitwasyon na pareho tulad ng hindi pagkatanggap sa trabaho at iba pa..."* |
| **2. Pagkilala at Pagtanggap sa Kapansanan** | *Isa pa with Feelings*<br>- Sa bahaging nagtuturo si Gali ng kanyang mga estudyante kapwa niya deaf *"I'm Teacher Gali"* –sign language | *"Sa pamilya ko, may mga taong maunawain at tinutulungan akong makasabay sa mga usapan. Sa paaralan naman, may mga guro at kaklase na nagpapakita ng malasakit at nagsusulat para sa'kin o inuulit ang sinabi."*<br><br>*"Sa pamilya ay masasabi kong wala namang nangyayaring panghuhusga dahil sila pa ang naguudyok sa akin upang gawin ang mga bagay na tila imposible para sa akin."*<br><br>*"Buti na lang may mga nagmamahal sa akin tulad ng mga kaibigan ko, katrabaho ko, at higit sa lahat ang pamilya ko."* |

Ang talahanayan 3 ay nagpapakita ng mga karanasang ipinakita sa pelikula kung ito ba ay kapareho o magkaiba sa naranasan sa totoong buhay. Batay sa panayam, nagpapakita ito ng dalawang magkaibang mukha ng karanasan ng mga taong may kapansanan: (1) Hindi pagkilala sa kanilang kakayahan at (2) Pagkilala at Pagtanggap sa Kapansanan. Ang mga pahayag at karanasan na ito ay masusing sinuri gamit ang teoryang Realismo at Humanismo upang maipaliwanag ang mas malalim na paglalarawan o representasyon ng mga PWD bilang isang karakter sa pelikulang "Isa pa with Feelings" at "Miracle in Cell No. 7". Upang makita ang ugnayan ng mga karanasan sa pelikula at realidad ng mga taong may kapansanan. Sa unang tema, (1) Hindi pagkilala sa kanilang kakayahan. Ito ay isang anyo ng diskriminasyon na nakaugat sa maling akala at kakulangan ng pag-unawa. Ayon pa nga sa tugon ng ilang kalahok, "Mis-judge.. yung hindi siya pinaniniwalaan." at "Tulad ng ilang karakter sa pelikula na may kapansanan, naranasan ko rin ang hindi kaagad naiintindihan ng mga tao ang tunay kong kalagayan", kung saan ang mga pahayag na ito ay nagpapakita na hindi nalalayo sa mga karanasan ng mga taong may kapansanan sa realidad. Tulad ng nasa pelikula, kung saan mailap silang husgahan at hindi kilalanin ang kani-kanilang opinyon o salaysay. Sa pamamagitan ng Teoryang Realismo, malinaw na sumasalamin ito sa reyalidad ng diskriminasyon at mga hadlang na kanilang kinakaharap, hindi bilang kathang-isip, kundi bilang makatotohanang bahagi ng kanilang pang-araw-araw na buhay. Isang malungkot na katotohanan na sumasalamin sa hindi pantay na pagtrato at kakulangan ng kaalaman at pag-unawa sa kanilang kalagayan. Samantala sa ikalawang tema, (2) Pagkilala at Pagtanggap sa Kapansanan. Sa bahaging ito, ipinapakita na hindi puro pait at sakit ang karaniwang ipinaparanas sa mga taong may kapansanan. Sapagkat ayon sa pagsusuri, sa kabila ng negatibong hamon na ipinararanas ng mundo sa mga taong PWD, ay mayroon din positibo sa mga ito. Batay sa panayam sa ilang kalahok, "Sa paaralan naman, may mga guro at kaklase na nagpapakita ng malasakit at nagsusulat para sa'kin o Inuulit ang mga sinasabi" at "Buti na lang may mga nagmamahal sa akin tulad ng mga kaibigan ko, katrabaho ko, at higit sa lahat ang pamilya ko." Sa pahayag na ito, makikita natin ang nagin gampanin o papel ng pamilya at komunidad sa mga taong PWD. Inilarawan nila na kagaya ng pelikulang "Miracle in Cell no. 7" ay nakatagpo sila ng mga taong labis ang pagmamahal at suporta na ibinibigay sa kanila. Kahit gaano pa kasakit ang hamon na ibinibigay ng mundo sa kanila ay hindi sila nagpapatinag sapagkat may mga taong nagpapakita ng suporta at malasakit sa kanila. Gayundin

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 11| Issue: 9| September 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2025: 8.691 || ISI Value: 1.188

sa pelikulang "Isa pa with Feelings". Kung saan ipinakita roon na ang isang deaf ay inaging guro at nakapagbibigay inspirasyon sa kapwa niya. Sa tulong ng teoryang Humanismo, makikita natin ang pagbibigay-diin sa pagpapahalaga at dignidad ng tao anuman ang kanilang estado sa buhay. Dito, ipinapakita na sa kabila ng mga hamon, may mga taong nagbibigay ng suporta at nagtutulak sa kanila upang mapatunayan ang kanilang sarili. Ang Humanismo ay nakasentro sa pagpapahalaga sa kakayahan, damdamin, at potensyal ng bawat isa, at sa bahaging ito ay malinaw na ipinapakita ang kahalagahan ng malasakit at pagmamahal sa pagbibigay-lakas sa indibidwal.

**Talahanayan 4. Sa kabuuan, tingin niyo po ba ay makatotohanan at makatao ang pagtingin ng pelikula sa mga tulad ninyong PWD? Bakit po?**

| TEMA | EKSENA o DAYALOGO SA PELIKULA | TUGON NG KALAHOK |
|---|---|---|
| 1. **Makatotohanang Paglalarawan sa Tunay na Kalagayan ng mga May Kapansanan** | *Miracle in Cell no.7*<br>- Sa bahaging, hinusgahan ng madalian si Joselito ng isang mabigat na krimen na hindi niya ginawa dahil lamang sa kanyang kakulangan sa pag-iisip kung saan hindi niya maipatanggol ang sarili<br><br>*Isa pa with Feelings*<br>- Sa bahaging, hindi maunawaan ng karamihan si Gali dahil lamag sa ito ay deaf | *"Oo dahil ipinapahiwatig ng pelikula na sa kabila ng kapansanan o kalagayan sa buhay, ay hindi hadlang upang makamit ang lahat ng iyong pangarap"*<br><br>*"Oo, makatotohanan at makatao ang pagtingin ng pelikula sa mga PWD. Ipinakita nito ang parehong hirap at lakas ng loob namin. Naipakita rin kung paano kami nakakaranas ng diskriminasyon pero may kakayahan pa rin kaming magsikap at lumaban, gaya ng sa totoong buhay."*<br><br>*"Oo, dahil ipinapahiwatig ng pelikula na sa kabila ng kapansanan o kalagayan sa buhay ay hindi hadlang upang makamit ang lahat ng inyong pangarap."* |

Ang talahanayan 4 ay nagpapakita ng mga karanasang ipinakita sa pelikula kung ito ba ay kapareho o magkaiba sa naranasan sa totoong buhay. Batay sa panayam, lumitaw ang pangunahing tema sa mga tugon ng mga kalahok: (1) Makatotohanang Paglalarawan sa Tunay na Kalagayan ng mga May Kapansanan. Ang mga pahayag at karanasan na ito ay masusing sinuri gamit ang teoryang Realismo at Humanismo upang maipaliwanag ang mas malalim na paglalarawan o representasyon ng mga PWD bilang isang karakter sa pelikulang "Isa pa with Feelings" at "Miracle in Cell No. 7". Upang matukoy din kung sumasalim ba sa totoong buhay ang mga karakter na ginagampanan sa mga piling pelikula. Sa pagsusuri ng mga tugon ng mga kalahok, lumalabas na (1) makatotohanang paglalarawan sa tunay na kalagayan ng mga may kapansanan. Ipinapakita ng kanilang mga pahayag na ang pelikula ay hindi lamang tumalakay sa mga hamon na nararanasan ng Persons with Disabilities (PWD), tulad ng diskriminasyon at kakulangan ng oportunidad, kundi binigyang-diin din ang kanilang lakas ng loob, determinasyon, at kakayahang makamit ang pangarap sa kabila ng mga hadlang. Sa madaling sabi, sumasalamin sa reyalidad ng mga taong may kapansanan ang mga karanasan na ipinapakita sa mga piling pelikula.Ang ganitong representasyon ay nagsisilbing salamin ng aktwal na kondisyon ng mga PWD sa lipunan, at nagbibigay ng mas malalim na kamalayan sa manonood. Sa lente ng Teoryang Realismo, masasabing matagumpay na naipakita ng pelikula ang mga sitwasyong hango sa tunay na buhay. Ang realismo ay nakabatay sa layuning mailarawan ang lipunan at ang mga karanasan ng tao nang walang labis na pag-romantisa o pagpapaganda sa katotohanan. Batay sa nagin tugod, malinaw na ipinahayag ng kalahok ang parehong madilim at maliwanag na bahagi ng karanasan nila. Mula sa iba't ibang anyo ng diskriminasyon hanggang sa tagumpay na kanilang nakakamit sa pamamagitan ng kanilang pagsusumikap. Higit sa lahat sa walang sawang suporta at pagmamalasakit na ibinibigay ng mga taong mahalaga sa kanila.

## KONKLUSYON

Sa pag-aaral na ito, layuning maunawaan kung paano inilalarawan sa pelikulang Pilipino ang karanasan ng mga taong may kapansanan at kung paano ito kaugnay ng kanilang aktwal na kalagayan sa lipunan. Batay sa mga kinalabasan ng pagsusuri na ito, nabuo ang mga sumusunod na konklusyon:

**1.Ano mga temang panlipunan o ideolohiya ang naipapakita sa pelikulang Pilipino kaugnay sa realidad na nararanasan ng mga may kapansan?**

Batay sa pagsusuri gamit ang teoryang Sosyolohikal at Humanismo, lumitaw na ang mga pelikulang Pilipino ay nagpapakita ng dalawang magkasalungat na tema. Una, malinaw ang diskriminasyon at stereotyping na nag- uugat sa paniniwala ng lipunan na ang PWD ay mahina, walang kakayahan, at madalas na inaalipusta. Ikalawa, lumitaw din ang kabaligtarang representasyon na nagbibigay-diin sa suporta, pagmamalasakit, at pagkilala sa kakayahan at dignidad ng mga taong may kapansanan. Sa ganitong paraan, ang pelikula ay hindi lamang nagiging salamin ng umiiral na negatibong

paniniwala kundi nagsisilbi ring daluyan ng pagpapakita ng mas makataong pananaw.

**2. Paano inilalarawan sa mga piling pelikula ang karanasan at pagkatao ng mga taong may kapansanan (PWD)?**
Batay sa pagsusuri ng mga piling pelikula na "Isa Pa with Feelings" at "Miracle in Cell No. 7" sa lente ng teoryang Sosyolohikal, Realismo, at Humanismo, malinaw na ipinapakita sa mga piling pelikula ang karanasan ng mga PWD sa dalawang mukha ng realidad. Una, inilalarawan sila bilang biktima ng diskriminasyon at kawalan ng katarungan na nagbubunga ng social stigma at hindi pantay na pagtrato. Pangalawa, binibigyang-halaga rin ang kanilang pagkatao sa pamamagitan ng pagpapakita ng kanilang talento, determinasyon, at kakayahang magtagumpay sa kabila ng kapansanan. Ang mga karakter nina Lito at Gali ay nagsilbing halimbawa kung paanong sa kabila ng diskriminasyon at balakid, ang PWD ay may kakayahang magtagumpay at kilalanin bilang ganap na tao.

**3. Paano naiiba o nagtutugma ang pelikula sa tunay na karanasan ng mga PWD sa realidad?**
Batay sa pagsusuri at sa lente ng Teoryang Realismo, malinaw na ang pelikula ay nagtutugma sa aktwal na kalagayan ng mga taong may kapansanan. Ang kanilang paglalarawan bilang biktima ng diskriminasyon, kawalan ng oportunidad, at hindi patas na pagtingin ay sumasalamin sa tunay na karanasan ng mga PWD sa lipunan. Gayundin, ang pagpapakita ng kanilang lakas ng loob, dignidad, at determinasyon upang magtagumpay ay hindi romantisadong paglalarawan, kundi makatotohanang representasyon ng kanilang kakayahang lampasan ang mga hamon. Dahil dito, ang pelikula ay nagiging mabisang repleksyon ng realidad ng PWD, na sabay na naglalantad ng kanilang pakikibaka at nagbibigay-inspirasyon sa mas malawak na lipunan.

## REKOMENDASYON

Batay sa natuklasan sa pag-aaral at mungkahi ng mga taong PWD o may kapansanan sa paraan o nais nilang maipakita upang mas mailarawan ang tunay na karanasan ng mga tulad nila, inirerekomenda ang mga sumusunod:

**1. Para sa mga Gumagawa ng Pelikula**- magpatuloy sa paglikha ng mga pelikulang tapat at makatotohanan ang paglalarawan sa mga Persons with Disabilities (PWD. Ito ay upang maipakita hindi lamang ang kanilang mga hamon kundi pati ang kanilang mga kakayahan, tagumpay, at dignidad. Sa pamamagitan nito, matutulungan ang mga taong may kapansanan na tignan ang buhay sa positibong pananaw dahil na rin sa patuloy na pagtatampok sa mga tulad nilang may kapansanan.
**2. Para sa mga Tagapagturo at Mag-aaral** – Gamitin ang mga ganitong pelikula bilang mabisang materyal sa pagtuturo ng empatiya, pag-unawa, at epektibong pakikisalamuha sa mga PWD, upang mabawasan ang diskriminasyon at negatibong stereotyping. Makatutulong ito upang magkaroon sila ng kaalaman hinggil sa kung papaano ang wastong pakikipag-ugnayan sa mga PWD.
**3. Para sa mga Media**– Magpatupad ng mga programa at kampanya na magtataguyod ng positibong representasyon ng mga PWD sa media, upang mapalawak ang kamalayan at pagtanggap ng lipunan sa kanila.
**4. Para sa Lipunan sa Kabuuan** – Linangin ang kultura ng pagrespeto at pagkakapantay-pantay, at iwasan ang pagbibigay ng limitadong pananaw sa PWD bilang mga taong nangangailangan lamang ng tulong. Sa halip, kilalanin sila bilang mga indibidwal na may kakayahang magtagumpay at makapag-ambag nang malaki sa lipunan.

## SANGGUNIAN


1. *Atayan J. (2021) Thematic analysis The use and methods | Assignments Research Methodology | Docsity kinuha mula sa www.docsity.com https://www.docsity.com/en/docs/thematic-analysis-the-use-and-methods/7240469/*
2. *Cavite State University. (2025). Teoryang Pampanitikan: Humanismo, Imahismo, Romantisismo, at iba pa. Kinuha mula saStudocu.com https://www.stoduco,com/ph/document/cavite-state-university/panitikang-panlipunansosyedad-at-literatura/teoryang-pampanitikan-humanismo-imahismo-romantisismo-at-iba-pa/*
3. *Deocampo, N. (2022). Alternative cinema: The unchronicled history of alternative cinema in the Philippines (Revised ed.). University of the Philippines Press.Kinuha mula sa www.scribd.com htttps://www.scribd.com/document/352189883/Ano-Ang-Pelikula*
4. *Dolores, J. L., & Aganon, K. M. (2021). Ang imahen ng may kapansanan sa indie films ng Pilipinas. Sine Komunidad Journal of Media Studies, 2(1), 44–59. https://journals.upd.edu.ph/index.php/sinekomunidad/article/view/9024*
5. *Don Honorio Ventura Technological State University. (2024). Ang teoryang sosyolohikal at mga uri nito. Studocu. https://www.studocu.com/ph/document/don-honorio-ventura-technological-state-university/sosyedad-at-literaturapanitikang-panlipunan/ang-teoryang-sosyolohikal-at-mga-uri-nito/25274665*
6. *Etikan, I., Musa, S. A., & Alkassim, R. S. (2016). Comparison of convenience sampling and purposive sampling. American Journal of Theoretical and Applied Statistics, 5(1), 1–4. https://www.sciencepublishinggroup.com/article/10.11648/j.ajtas.20160501.11*
7. *Fusch, P. I., & Ness, L. R. (2015). Are we there yet? Data saturation in qualitative research. The Qualitative Report, 20(9), 1408–1416. Kinuha mula sa : https://nsuworks.nova.edu/tqr/vol20/iss9/3/*
8. *Llewellyn, G., & Hindmarsh, G. (2015). Parents with intellectual disability in a population context. Current Developmental Disorders Reports, 2(2), 119–126. Kinha mula sa: https://link.springer.com/article/10.1007/s40474-015-0042-4*
9. *Lopez, R. D. (2018). Deaf cinema in Southeast Asia: Toward a linguistic and visual identity. Journal of Southeast Asian Media Studies, 4(2), 22–35. Kinuha mula sa www.academia.com https://www.academia.edu/37454253/Deaf_Cinema_in_Southeast_Asia_Toward_a_Linguistic_and_Visual_Identity*

10. *Nassaji, H. (2015). Qualitative and descriptive research: Data type versus data analysis. Language Teaching Research, 19(2), 129–132. Kinuha mula sa: https://journals.sagepub.com/doi/10.1177/1362168815572747*
11. *Nibalvos, I.M.P. (2019). Lipunan at panitikan: pag-uugat ng kapilipinohan sa pagbubuo ng literaturang pambansa. Philippine E-Journals, 32(1), 99-114. Kinuha mula sa: https://ejournals.ph/article.php?id=15169*
12. *World Health Organization. (2011). World report on disability. WHO Press. Kinuha mula sa : https://www.who.int/publications/i/item/9789241564182*